LOS ANGELES COUNTY
CONSUMER & BUSINESS AFFAIRS

BRIAN J. STIGER
Director

500 W. Temple Street, Room B-96
Los Angeles, CA 90012

(800) 593-8222 sa loob ng Los Angeles County
(213) 974-1452 sa labas Los Angeles County

Email: wagehelp@dcba.lacounty.gov

Website: dcba.lacounty.gov

Sundan kami para sa mga pinakahuling balita at payo!

Facebook | **LACountyDCBA**

Instagram | **LACountyDCBA**

Twitter

Mga Consumer | **LACountyDCBA**

Maliit na Negsoyo | **LACoSmallBiz**

Kastila | **LACoConsumidor**

County of Los Angeles
Lupon ng mga Nangangasiwa

Hilda L. Solis, Unang District
Mark Ridley-Thomas, Ikalawang District
Sheila Kuehl, Ikatlong District
Don Knabe, Ikaapat na District
Michael D. Antonovich, Ikalimang District

Huling Isinapanahon 6.21.16

MGA SERBISYONG WALANG-BAYAD

para sa mga consumer at negosyo sa L.A. County

- Pagpapatupad ng Pasahod
- Pagpapayo sa Consumer [namimili]
- Pag-imbestiga ng mga Reklamo
- Pagtulong Pang-Small Claims Court [hukuman ng mga demandang maliit ang halaga]
- Mediation [pagpamamagitan upang magkasundo]
- Pagtulong Pampigil ng Pagremata
- Pagtulong Pang-Maliit na Negosyo
- Outreach [masigasig na pakiuugnay] at Pagtuturo Pang-Consumer [namimili]
- Pagbibigay Kapangyarihan Pampananalapi

Nagsisilbi ng mga consumer at negosyo sa Los Angeles County mula 1976.

ANG AMING LAYUNIN

Upang paunlarin ang bilihan na makatarungan at mataginting, aming sinisilbihan ang mga consumer, negosyo, at komunidad sa pamamagitan ng pagtuturo, pagtatanggol, at paglulutas ng mga reklamo.

LOS ANGELES COUNTY
CONSUMER & BUSINESS AFFAIRS

Bagong Minimum Wage ng L.A. County

PARA SA MGA NAGTATRABAHO

BAGONG MINIMUM WAGE NG L.A. COUNTY

Taon-taon, simula sa July 1, 2016, tataas ang minimum wage para sa mga taong nagtatrabaho sa mga unincorporated area sa Los Angeles County.

Dapat magpasahod ng tumaas na minimum wage ang lahat ng mga nagpapatrabaho sa unincorporated area ng L.A. County, na may kaunting pamumukod.

Kailan tataas ang minimum wage?

Tataas ang minimum wage sa County bawat taon sa July 1.

Dapat magpasahod ang mga nagpapatrabaho sa kanilang mga nagtatrabaho na hindi mas mababa sa mga sumusunod ng per-ora sa mga sumusunod ng araw na magkakabisa.

Taon	Mga malaking nag-papatrabaho (26 o mahigit na nagtatra-	Mga maliit na nagpa-patrabaho (25 o mas kaunting nagtatra-
2016	**$10.50**	**$10.00**
2017	**$12.00**	**$10.50**
2018	**$13.25**	**$12.00**
2019	**$14.25**	**$13.25**
2020	**$15.00**	**$14.25**
2021	**$15.00**	**$15.00**

Papaano ko malalaman kung may-karapatan ako sa minimum wage ng County?

Batay sa kung saan ka nagtatrabaho ang angkop na minimum wage.

Kung magsasagawa kayo nang kahit man lamang dalawang oras sa isang linggo sa isang unincorporated area ng L.A. County, may-karapatan kayo sa minimum wage ng County para sa lahat ng oras na nagsagawa sa unincorporated area.

Kung magsagawa kayo sa labas ng unincorporated area ng L.A. County, pasasahurin kayo ng alinman sa minimum wage ng California o ang minimum wage ng lunsod kung saan kayo nagsagawa.

Walang bale sa pagtukoy ng minimum wage ang katayuan pampagtatrabaho ng nagtatrabaho, saan sila nakatira, o saan ang headquarter ng inyong negosyo.

Papaano naming malalaman kung nasagawa ang trabaho sa isang unincorporated area ng County?

Upang malaman kung nasagawa ang trabaho sa isang unincorporated area ng L.A. County, ipasok ang address sa website ng County Registrar-Recorder sa http://rrcc.lacounty.govOnlineDistrictmapApp/ o tumawag sa DCBA.

Anong maaari kong gawin upang tiyakin na sinasahuran ako nang minimum wage?

- Alamin kung aling minimum wage ang nauukol sa inyo.
- Palaging suriin ang inyong paystub upang patibayan na inyong tinatanggap ang angkop na antas ng sahod.
- Suriin ang inyong pinagtatrabahuhan para sa makapanahon na patalastas ng kasalukuyang antas ng minimum wage. Kung kailangan ng inyong nagpapatrabaho nitong mga patalastas, tawagan ang DCBA..

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

(800) 593-8222 dcba.lacounty.gov

MAGHARAP NG REKLAMO

Kung hindi kayo sinasahuran ng inyong nagpapatrabaho ng inuutos na minimum wage, makipagugnayan sa amin upang magharap ng reklamo. Walang-bayad ang mga serbisyo namin. Maabot kami sa pamamagitan ng:

- Phone: (800) 593-8222
- Online: dcba.lacounty.gov
- Nang sarili ninyo sa isa sa aming mga tanggapan
- Email: wagehelp@dcba.lacounty.gov

Hindi namin tinatanong o inuulat ang inyong katayuang pang-immigration.

Kung magreklamo ako matatanggal ba ako sa trabaho?

Labag sa batas na gumanti ang sinumang nagpapatrabaho laban sa isang nagtatrabaho na:

- Humiling na masahuran ng inuutos na minimum wage.
- Nag-ulat ng sinasabing paglabag sa pagsahod.
- Pinabatid sa iba pang nagtatrabaho tungkol sa kanilang mga karapatan o sinasabing palabag.

Kabilang sa pagganti, ngunit hindi lamang dito, ang:

- Alisin kayo sa trabaho dahil sa pagharap ng reklamo ukol sa sahod.
- Bawasan ang oras ng inyong shift.
- Magbanta na makikitungo sa serbisyo pang-immigration.

Papaano kayo matutulungan ng DCBA

Matutulungan kayo ng DCBA na maunawaan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng bagong batas pang-minimum wage, imbestigahan ang sinasabing paglabag sa batas ng inyong nagpapatrabaho, at tulungan kayong makuha ang mga sahod na utang sa inyo.